# "MALA-BAKLANG ESPASYO" SA ARKITEKTURANG FILIPINO : ESTETIKA, MORPOLOHIYA, KONTEKSTO (PANIMULANG PAGTUKLAS AT PAGGALUGAD)

*by Edson Roy G. Cabalfin*

*To talk of 'Sexuality and Space' here, within the academic space of architectural discourse, is therefore complicated. After all, this is the discourse that advertises itself as concerned with space. In a sense, this is the space of space. The question of sexuality must be as much as about space of the discourse as with what can be said within that space.*

**Mark Wigley,** *"Untitled: The Housing of Gender", 1996*

## 1.0 PAMBUNGAD

### Larawan ng Sitwasyon

Ang diskurso ng espasyo ay masasabing dumaan na sa isang mahabang tradisyon. Mula pa kina Plato at Aristotle, hanggang sa kontemporaryong pilosopo tulad nina Foucault, Bachelard at Tschumi, ang konsepto ng espasyo ay matagal nang binibigyan ng bagong anyo, kabuluhan, kulay at katuturan. Sa dahilang ang espasyo ay isa sa mga pangunahing elemento ng arkitektura, nagiging bahagi ito sa diskurso ng arkitektura. Samakatuwid, para sa isang arkitekto, marapat na bahagi ito ng kanyang pag-aaral at pagtuklas ng sariling kabuluhan sa arkitektura.

Sa Pilipinas, ang ganitong edukasyong arkitektural ay maituturing na may malakas na pagkiling sa Euro-Amerikano o kanluraning tradisyon. Ang tradisyong *beaux arts* ay may malalim na ugat sa edukasyong arkitektural, maging ang pagsama dito ng mga tulad na tradisyong Bauhaus at ilang kontemporaryong kaisipan at pamamaraan. Dahilan na rin sa ganitong pagkiling sa kanluran, maging ang mga konsepto ukol sa espasyo ay naaayon na rin sa Euro-Amerikano o kanluraning tradisyon. Bahagi ng ganitong tradisyon ang "klasikal" na pagtuturing sa espasyo bilang isang entidad na may partikular at espesipikong gamit o katuturan (function). Ang ganitong kaisipan ang siyang laganap sa industriya. Kinakailangang tuklasin ang mga bagong kahulugan at katuturan.

Ang pagpasok at pagtanghal ng *National Symposium on Filipino*

*Architecture and Design* (NSFAD) noong 1995 ay isang mahalagang hakbang sa pagtuklas ng ibayong kahulugan ng espasyo. Sa katunayan, naging partikular na pokus ng talakayang iyon ang espasyong "Filipino". Mapupuna sa mga nagsumite at nagtanghal ng kanilang papel na marami ang bumanggit sa katangiang ***multi-functionality*** bilang isang katangiang makikita sa espasyong Filipino. Bagaman, nabanggit nga ang gayong *multi-functionality* ng espasyo, ang mga talakayan ay tumigil na sa pagsambit sa katangian. Hindi na nabigyan ng karagdagang pagsisiwalat ang konsepto ng *multi-functionality* sa arkitekturang Filipino at ang potensyal nito para sa kontemporaryong sitwasyon at diskurso.

**Layunin at Pamamaraan sa Pag-aaral**

Nilalayon ng papel na ito na tumuklas ng karagdagang dimensiyon ukol sa *multi-functionality* ng espasyo. Ang dimensiyong pagtutuunan ng pansin ay yaong mga katangiang kadalasang isinasantabi. Halimbawa nito ay ang mga tulad ng mga gawain sa espasyo na maituturing na baligo o balintuna (*paradoxical*). Ganito ang pagpokus dahil na rin ang kadalasang pagtalakay sa mga espasyong *multi-functional* ay mas kumikiling sa mga komplementaryong gawain at kaganapan.

Partikular pa rin sa pag-unawa ng espasyo, maging ang diskurso nito, ay ang pagsasanib sa usapin ng sekswalidad at kasarian (*gender)* at ang paksain ng espasyo. Dalawa ang maaaring maging direksyon ng mga usapin: **una**, maaaring gamitin ang usapin ng sekswalidad upang maunawaan ang espasyo/arkitektura o, **ikalawa**, ginagamit ang diskurso ng espasyo/arkitektura sa pag-unawa ng usapin ng *gender.*[1] Samakatuwid, inuunawa ang ugnayan ng sekswalidad at espasyo bilang isang lehitimong kaparaanan sa kritikal na teorya at diskurso. Para sa papel na ito, gagamitin ang unang estratehiya. Espesipiko sa pag-aaral na ito ang paggamit ng diskurso ng kabaklaan, at ang kaniyang partikularidad sa kontekstong Filipino sa pag-unawa ng ilang penomenong espasyo na nagaganap sa kontemporaryong arkitekturang Filipino. Ang konsepto ng *bakla* at ang konsepto ng espasyong *multi-functional* ay pagtatagpuin at tutuklasin sa papel na ito.

Para sa akdang ito, naitakda ang sumusunod na metodolohiya:**una**, magsasagawa muna ng paglilinaw ng mga konseptong gagamitin sa papel na ito (mga kataga tulad ng bakla, espasyo at *mala-baklang espasyo*); **ikalawa**, magbibigay at magsasalarawan ng mga halimbawa na sa palagay ko ay may katangian ng *mala-baklang espasyo*, at uunawain ang konteksto, morpolohiya, penomenon at estetika nito; at **ikatlo**, maglalatag ng mga implikasyon at direksyon ng konsepto ng *mala-baklang espasyo* sa diskurso at edukasyong arkitektural maging sa diskurso ng sekswalidad at kasarian.

Bagaman tatalakayin ang mga isyu ukol sa sekswalidad at espasyo, mayroong hangganan ang magaganap na diskusyon. Sa konsepto ng bakla, malaki ang pagkakautang sa pag-aaral na isinagawa ni J. Neil Garcia sa kaniyang penomenal na akda *"Philippine Gay Culture: Last Thirty Years."*[2] Samakatuwid, hindi na magtatangkang magsagawa ng redepinisyon ng konsepto ng bakla. Maaari pa ring magsagawa ng ibayong pag-aaral

patungkol dito sa panghinaharap. Bahagi ng tinatayang metodo ay ang paggamit ng talinhaga sa pag-unawa. Aalamin ang kahulugan ng bakla at iaangkop ang mga ito sa konsepto ng espasyo, partikular ang magiging diskusyon sa konsepto ng espasyo bilang lunan ng kaganapan ng pangyayari (events). Sumusunod ito sa mga kontemporaryong kaisipan ni Tschumi.[3] Inuugnay din dito ang mga usapin sa espasyo nina De Leon, Lichauco, Encarnacion-Tan, Yap at iba pa. Upang maipakita ang penomenon ng *mala-baklang espasyo*, maglalahad ng piling halimbawa mula sa kontemporaryong karanasan sa arkitekturang Filipino. Hindi gagamit ng metodong *transhistorical* sa pagpili ng mga halimbawa. Hindi rin tatangkaing ipakita dito na ang *mala-baklang espasyo* ay kinakailangang eksklusibo sa arkitekturang Filipino.

## 2.0 PAG-UNAWA NG MGA KONSEPTO: TEORETIKAL NA BALANGKAS

Marapat magsagawa muna ng pagpapaliwanag at pagtalakay ng ilang mga kaisipang kaugnay sa konsepto ng *mala-baklang espasyo*. Partikular sa pokus ay ang tatlong termino: *bakla, espasyo at mala-baklang espasyo.*

### 2.1 Bakla

Maraming haka-haka ang naisagawa na kung ano ang etimolohiya ng salitang *bakla*. Ibang-iba ang mga ito: ***una***, mula ito sa pinagsama at pinaikling salita mula sa *babae* at *lalake;*[4] ***ikalawa***, isang katagang ang kahulugan ay "mental state of confusion and undecidedness." Sinasabi na gayon ang konteksto ng paggamit ni Balagtas ng salitang *bakla* sa isang talata sa "Florante at Laura" at "Orosman at Zafira." [5] Kaakibat dito ang kaisipan na ito ay isa lamang temporaryong kaganapan at hindi isang permanenteng sitwasyon[6]; ***ikatlo***, ginamit din ito bilang pagsalin ng salitang *hermaphrodite* sa Tagalog, sinasabing tumutukoy sa "anatomical confusion" o "double sexedness" ayon kay Jose Villa Panganiban.[7] Mas lubos pang nagiging masalimuot ang salitang ito sa paglipas ng panahon.

Naging komprehensibo na ang pagtalakay ni Garcia ukol sa pagbabago ng kontekstong pangkasaysayan ng katagang *bakla* sa lumipas na tatlong dekada. Hindi ko kayang pantayan ang gayong monumental na pagtatalakay. Dito, marahil sapat nang sabihin, dahilan na rin sa dinamikong katangian ng mga salita, na ang salitang *bakla* ay sumailalim sa isang proseso ng pagbabago, kung kayat dahilan na rin sa pagpasok ng mga kanluraning kaisipan ng *gay* at *queer*, nagkakaroon ng dinamikong ugnayan ang mga konsepto ng *bakla* at *homosexuality o gay*. Tinalakay na rin ni Garcia na hindi kaagad-agad nating maisasalin ang konsepto ng *bakla* sa kanluraning kataga na *gay o queer*, dahil na rin sa pagka-espesipiko at pagkapartikular ng konsepto ng "bakla."[8] Aniya:

> *The most significant difference between the terms bakla and gay or homosexual, is that it cannot accommodate the many modes of homosexuality... except perhaps inversion, as its semantic field is definitely smaller. Unlike homosexual, for instance, bakla cannot be made to refer to acts, for a signifier it is basically identity-denotative.* [9]

Tinalakay pa rin niya sa kaniyang akda, ang ilang namamayaning "popular at dominanteng" kahulugan at kaisipang lumalabas kapag nasasambit ang salitang *bakla*.[10] ***Una***, ipinakita niya ang konsepto ng *bakla* bilang isang salitang tumutukoy sa usaping *gender* (ang pagtatakda ng lipunan ng mga pamantayan at ekspektasyon sa lalake at babae; samakatuwid isa itong *social construct*[11]) at hindi nakapako sa isyu ng sekswalidad o sa akto ng sekswalidad [12]. ***Ikalawa***, ipinakita niya ang laganap na kaisipan ng *bakla* bilang isang *psycho-spiritual inversion* o "ang pagtaliwas at pagbaligtad ng kaloobang sekswal mula sa kanyang katangiang biolohikal."[13] Para sa kaniya ang *inversion* na ito ay ang dominanteng kaisipan ng *kabaklaan*. Maaaninag ito sa mga katagang "a woman trapped inside a man's body". ***Ikatlo,*** mahalaga ang konsepto ng *loob* bilang pinagmumulan ng "diwa" ng isang tao. Ang kabaklaan, kung gayon, ay isang pagsasatotoo lamang ng "tunay" na kalooban niya, na isang "pusong babae."[14] ***Ikaapat,*** bagaman ganito ang namamayaning kaisipan, para kay Garcia, ang mga kaisipang ganito ay maihahanay sa mga *minoritizing* na mga pananaw. Samakatuwid, itinuturing ang *bakla* bilang isang *minority* o isang lupon ng tao na may partikular na pagkakatulad ng katangian, katulad sa pagtatakda ng mga grupo ayon sa etnisidad.[15] Ang bakla ay lunan ng kaganapan ng tinatawag na *"othering"* o ang pagturing sa isang entidad bilang "labas," hindi bahagi ng mas nakararami, "iba at kaiba." Masasabi pa rin natin, ang bakla, kahit sa anong antas ng lipunan, ay sumasailalim sa gayong "pagsasantabi" at *marginalization*.[16] ***Ikalima***, ang *bakla* ay tumutukoy sa penomenon ng *cross-dressing*, ang pagsuot, halimbawa, ng lalake ng gayak at kasuotan ng kababaihan.[17]

Ang konsepto ng *bakla*, kung gayon, ay inilalahad bilang isang entidad na masalimuot ang pagkatao. Masalimuot din, kung titingnan natin, ang pulitikang ekonomiya na ginagalawan ng *bakla*. Hindi siya isang estatikong pagkatao, bagkus, ay isang dinamikong paglalahad ng kalooban. Pagpapamalas ng pakikipagsapalaran at pagpupunyagi ang *kabaklaan*.

## 2.2 Espasyo

Ang usapin ng espasyo ay hindi eksklusibo sa larangan ng arkitektura. Unang tinalakay ito bilang pilosopikal na diskurso. Mula pa kina Plato at sa kaniyang heometriya bilang agham ng espasyo, Aristotle at ang kaniyang teorya ng lugar o *topos*, hanggang kay Immanuel Kant, ang espasyo ay nakikita bilang isang entidad na may kinalaman sa "pagkakaroon" at "kawalan"[18]. Nang lumaon, nabasag ang konseptong ito nang naging tanyag ang kaisipan ng *Theory of Relativity* at ang paglikha ng *Non-Euclidean Geometries*. Sa pagpasok ng ika-19 na siglo, partikular sa Euro-Amerikanong tradisyon, ang espasyo ay nakita bilang dalawang uri: pisikal na espasyo at abstrakto o matematikal na espasyo.[19] Sa larangan ng arkitektura, ang konsepto ng espasyo bilang pundamental na elemento ng arkitektura ay unang kinilala nina Bruno Zevi sa *"Architecture as Space"* (1957) at Sigfried Gideon sa kaniyang akdang *"Space, Time and Architecture"* (1941). Sa ganitong pagkakataon, nakikita ang espasyong arkitektural bilang batay sa persepsyon at pagbatid, at iba sa Euclidean na uri ng espasyo.

Mahalaga rin ang konsepto ng espasyo bilang kaugnay sa konsepto ng isang lalagyan o container. Ang espasyo, kung gayon, ay isang kaganapan ng paglalagay ng bagay-bagay sa isang sisidlan. Dahil na rin dito, maaari nating tingnan ang kasaysayan ng arkitektura bilang isang proseso ng pagbabago sa pagtuturing ng espasyo bilang isang sisidlan.[20] Ang Griyego-Romano at Renaissance na modelo ay laging partikular sa paggamit ng pisikal na pagsasaloob ng arkitektura: mga dingding at pader. Malakas ang kaisipan ng espasyo na nakalaan sa iisang gamit at programa (tumutukoy ito sa kaganapan, aktibidades at gawaing arkitektural) lamang. Naging mahalaga ang "prusisyon ng espasyo" bilang artikulasyon ng mga lunan sa isang gusali. Bagaman pilit ring binasag at hinamon ang gayong pagka-eksklusibo ng gawain sa iisang espasyo, naging laganap at malakas pa rin iyon magpahanggang ngayon. Makikita natin ito sa mga pamamaraan sa pagpaplano (design methods), tulad ng tinatawag na mga metodo ng *space adjacency matrix* at *interaction net*[21] kung saan tinitingnan ang mga espasyo bilang magkakahiwalay na entidad, partikular ang mga gamit, ayon pa rin sa klasikal na modelo ng espasyo.

Ano ngayon ang nagiging epekto sa paggamit ng konsepto ng espasyong may partikular na gawain at programa? Dahil nga sa pagkapartikular, espesipiko at eksklusibo ng gawain sa iisang espasyo, kadalasang naisasantabi ngayon ang kaganapan ng *multi-functionality*. Hindi na minsan nakikita ang espasyo bilang isang dinamikong entidad. Kung magiging laganap ang pagka-espesipiko na pananaw, marami sa mga espasyo ang hindi lubos na mapapakinabangan, at marami ang masasayang. Hindi ito mapapakinabangan dahil na rin marami sa mga kontemporaryong gawain at aktibidades ay dinamiko, at hindi na nangangailangan ng partikular na espasyong arkitektural. Nagkakaroon na ng pagbabago tungo sa espasyong mas lubos na nakakatugon sa pagkadinamiko ng espasyo at ng programa o gamit.

Gayon na rin ang pagsisiwalat at pagtalakay sa naganap na National Symposium on Filipino Architecture and Design (NSFAD) noong 1995. Mapapansin na napakarami sa mga naitanghal na papel ay tumutukoy sa *multi-functionality* bilang isang katangian ng "Espasyong Filipino." (Hindi matatalakay dito ang mga problematisasyong kaugnay sa gayong paglakip ng katangian sa sinasabing "Espasyong Filipino", kung mayroon nga ba nito.) Makikita natin sa pagtalakay nina Yap, Fajardo, Lichauco, De Leon, Encarnacion-Tan, na ang *multi-functionality* ay isang "likas" na katangian ng mga espasyong Filipino, at ang gayong katangian ang maaaring gamitin maging sa mga panghinaharap na solusyong arkitektural. Ayon kay Lichauco:

> *This is the foundation in which Filipino Space could be understood. It is inherently flexible within a strongly contained space that makes the Filipino space unique and different from the Western spatial systems discussed earlier.* [22]

Kahalintulad din sa pananaw ni Lichauco, kinilala ni Encarnacion-Tan ang katangiang *multi-functionality* bilang diwa ng espasyong Filipino. Wika niya:

> *I confidently define Filipino space as consisting of a main multi-functional space necessarily relating*

*with a lot of extension spaces around it.* [23]

Maging ang pag-aaral ni David Yap ukol sa pagbabagong-anyo ng tahanang Pilipino *("Transformation of Space in Philippine Traditional Houses")*, ay tumutukoy sa dinamikong pagbabago ng katangian ng espasyo. Ang hindi espesipiko at *multi-functional* na katangian, kung gayon, ayon sa kaniya, ay isang katangian na makikita sa paglipas ng panahon, sa kabila ng pagpasakailalim nito sa kolonyal na puwersa at impluwensiya. Para sa kaniya, ang katangiang *multi-functional* ay isang kaganapang "katutubo" sa diskurso ng espasyo.[24]

Bagaman naging palasak ang ideyang ito sa talakayan, nagkaroon ng pagkukulang sa kung paano nga ba ito maisasakatuparan at maisasatotoo sa mga aktuwal na proyektong arkitektural. Nangangailangan, kung gayon, ng lubos pang pagtuklas at paglinang.

## 2.3 Mala-Baklang Espasyo

Bakit natin ngayon isinasagawa ang pagsasanib at pagtatagpo ng tila magkaibang konsepto ng *bakla* at *espasyo*? Nabanggit na rin ang konsepto ng *multi-functionality* bilang isang katangian ng espasyo na maituturing na may malaking potensyal sa arkitekturang Filipino. Kung kayat, ang pagpapayaman sa gayong konsepto ay nararapat ding maisagawa upang maging makabuluhan ang konseptong ito. Ang paghiram ng mga kaisipan at kabuluhan mula sa ibang larangan ay matagal nang ginagawa sa pagpapayaman ng arkitektura. Sa ngayon, sa pagtatagpo at pag-angkop ng usapin ng *gender* at kasarian, mabibigyan tayo ng ibayong pagtingin at pag-unawa sa mga kaganapang arkitektural. Ang *"mala-baklang espasyo"* bilang kategorya ay kinakailangang maging isang pagbubuo o *construct*. Nililikha ang gayong kategorya bilang pag-unawa. Binibigyan-diin, sa pagkakataong ito, ang mga bagay-bagay na kadalasang itinuturing na nasa "labas" ng tradisyonal na diskurso. Isa itong sadya at kinakailangan na pagbawi mula sa "labas".

## "Mala-Baklang Espasyo" Laban sa "Espasyong Bakla"

Ipinapanukala sa papel na ito ang pagsanib ng dalawang diskurso: ang usapin ng kabaklaan at ang diskurso ng espasyo. Maaari nating makita ang pagsanib na iyon bilang *"mala-baklang espasyo"* at "espasyong bakla." Ngunit nagkakaroon ng magkaibang pakakahulugan kung gagamitin ang dalawang termino. Ang unang kataga, *"mala-baklang espasyo,"* ay maaaring unawain bilang "bakla na espasyo." Sa kabilang dako, sa usaping "espasyong bakla" maaari naman itong intindihin bilang "espasyo ng bakla". Magkaiba ang ibig sabihin nito. Sa una, nakikita ang espasyo na may katangiang "bakla" o ang kategoryang "bakla" ay inilalakip sa konsepto ng espasyo. Sa ikalawang kataga, ang espasyo ay nakikita bilang "pagmamay-ari" o espasyong may pagka-eksklusibo sa bakla at sa kaganapang kabaklaan.

Ang "espasyong bakla," sa katunayan, ay malapit sa pagpapaliwanag ni Aaron Betsky ng kaniyang tinatawag na *queer space*. Ayon sa kaniya, nakikita niya ang *queer space* bilang espasyo ng mga *queers*, at ang pangunahing papel nito ay ang lugar na ginaganapan ng *jouissance* o *orgasm*. Tumutukoy rin ito sa espasyong nililikha at ginagamit ng

*queers.* [25] Kaakibat din nito, ayon kay Betsky, ang pagtingin sa espasyong *queer* bilang mga espasyo kung saan ginaganap ang mga araw-araw na pag-pakikipagtunggalian ng mga gay o queer sa mundo ng heterosekswal. Pinalawig rin ni Betsky ang kaisipan ng *queer space* bilang manipestasyon ng gayong pakikibaka at ang mga nagaganap na pagbabagong kaakibat ng mga pagpupunyaging maiangat ng *gay* ang kaniyang karapatan sa mundong ito. Maging sa kontemporaryong kamunduhan, nakikita ni Betsky ang unti-unting pagkitil ng *queer space* dahil na rin sa pag-igting ng AIDS.[26] Bagaman malapit ang kahulugan ng *queer space* sa konsepto ng *mala-baklang espasyo*, hindi ito kinakailangang maging magkasingkahulugan. Dahil na rin sa punto ni Garcia, na nabanggit na, ang *bakla* ay hindi eksaktong pagsasalin ng *queer* o *gay* dahil na rin sa mas partikular at espisipiko ang larangang semantiko ng *bakla.* [27]

Sa isa pa ring pagkakataon, sinasabi ni George Chauncey na wala naman daw tinatawag na *queer space*. Wika niya:

> *There is no queer space; there are only queer spaces used by queers or put to queer use. Space has no natural character, no inherent meaning, no intrinsic status as public or private. As Michel de Certeau has argued, it is always invested with meaning by its users as well as its creators, and when its creators have the power to define its official and dominant meaning, its users are usually able to develop tactics that allow them to use the space in alternative, even in oppositional ways that confound the designs of its creators.*[28]

Hindi ako sumasangayon na walang *queer space*. Sa katunayan, gagamitin ko rin ang argumento na inilahad ni Certeau, (na kaniya ring ginamit na pangsuporta sa teorya niya) na ang espasyo nga ay pinapatawan at binabansagan ng kahulugan. Ang mga pagbabagong-anyo at pagsasaayos ng gumagamit ng espasyo ang humahawak ng kapangyarihan ng pagbibigay ng kahulugan. Samakatuwid, ang kahulugan at kabuluhan ng *bakla* na ginagamit bilang kategorya ng espasyo ay sa katunayan, kahalintulad ng *mala-baklang espasyo*, isang pagdagit ng kapangyarihan mula sa mga makapangyarihan (sa pagkakataong ito, ang makapangyarihan ay ang *heterosekswal* na arkitekto o manlilikha). Ang papel na ito ay isang pamamaraan ng pagbigay ng kapangyarihan sa mga espasyong naisasantabi, maging ang mga manlilikha o tagagamit ng gayong baklang espasyo.

Para sa papel na ito, mas nilalayong palawigin ang *"mala-baklang espasyo,"* o kung paano magagamit ang konsepto ng *bakla* bilang kategoryang arkitektural. Lumilihis ang pananaw na iyon sa kaisipan na ang diskursong arkitektural ay kailangan lamang manatili sa kaniyang sariling bakuran. Hinihiling ang mga metodong *transdisiplinal,* na tumatawid at nag-uugnay, bilang lehitimong pamamaraan sa pagpapayaman ng diskursong arkitektural. Wika nga ni Patrick Flores:

> *...the discipline of Humanities must not only be multidisciplinal or interdisciplinal, but transdisciplinal... transdisciplinarity is the key to the new humanities because it rounds out the complex investigation into art.*[29]

Ang pagtatagpo ng usapin ng kasarian at ng diskursong espasyo ay, sa katunayan, hindi na isang bagong kaganapan. Sa pambungad ng isang symposium ukol sa espasyo at sekswalidad sa Princeton University, tinalakay ang dinamikong ugnayan ng espasyo at sekswalidad. Banggit nga ng editor na si Beatriz Colomina:

> *The concern of the symposium [Sexuality and Space] was not with space as yet another symptom of sexuality; repressed or otherwise. It is not a question of looking at how sexuality acts itself out in space, but rather to ask: how is the question of space already inscribed in the question of sexuality?* [30]

Dahil na nga sa ganitong pag-unawa sa dinamismo ng espasyo at sekswalidad, kinakailangang magkaroon din ng pagbabago sa pag-unawa sa arkitektura at ng ugnayan nito sa katawan. Patuloy pa rin niyang paliwanag:

> *This formulation required that we abandon the traditional thought of architecture as object, a bounded entity addressed by an independent subject experienced by a body. Instead, architecture must be thought of as a system of representation in the same way that we think of drawings, photographs, models, films or television, not only because architecture is made available to us through these media but because the built object is itself a system of representation. Likewise the body has to be understood as a political construct, a product of such systems of representation rather than the means by which we encounter them.* [31]

Magaganap ang isang malay na pag-angkop at pagbabagong-anyo upang linangin ang gayong konsepto ng *multi-functionality*. Layon din na sa pag-unawa sa espasyo bilang may katangiang bakla, maaaninag ang dinamikong ugnayan nito sa diskurso ng kasarian at sekswalidad.

Mahalaga rin sa puntong ito ang ugnayan ng *katawan* at *espasyo o arkitektura*. Kung makikita natin ang diyalektikong ugnayan ng katawan at espasyo, mauunawaan natin ang kahalagahan ng pag-aaral ng kasarian at ang kaugnayan nito sa espasyo (at *vice versa*). Tinalakay ni Elizabeth Grosz ang gayong ugnayan. Ayon sa kaniya, nagkakaroon ng epekto ang katawan sa siyudad, at ang siyudad sa katawan. Ani niya:

> *The body and its environment, rather, produce each other as forms of the hyperreal, as modes of simulation which have overtaken and transformed whatever reality each may have had into the image of the other: the city is made and made over into the simulacrum of the body, and the body, in its turn, is transformed, "citified", urbanized as a distinctively metropolitan body.* [32]

Patuloy niyang tinalakay ang dalawang pangunahing modelo na nagpapakita sa ugnayang *katawan-lungsod*: ***una***, ang lungsod ay "representation, projection or product of bodies" kung saan ang lungsod ay isang resulta o epekto ng katawan (ayon pa rin ito sa humanistang pananaw); at ***ikalawa,*** ang lungsod ay may paralelismo sa katawan, kung kayat ang lungsod ay isang "repleksiyon" ng katawan.[33] Bagaman laganap ang gayong

pananaw, naglahad siya ng problematisasyon tulad sa kung paano nakapaloob sa gayong pananaw ang isang *phallocentric* na perspektibo, kung saan may inilalahad na ideyal na kaayusan ng gobyerno at lungsod, at kung paano nagkakaroon ng dikotomiya sa pagitan ng kalikasan (nature) at kultura (culture). Bilang pamalit dito, ipinapanukala ni Grosz ang isang taimtim na ugnayan at pakikipagtalastasan sa dalawang entidad ng katawan-lungsod:

> *What I am suggesting is a model of relations between bodies and cities which sees them, not as megalithic total entities, distinct entities, but as assemblage or collections of parts, capable of crossing the thresholds between substances to form linkages, machines, provisional and often sub- or microgroupings. This model is a practical one, based on practical productivity bodies and cities have in defining and establishing each other.*[34]

Samakatuwid, maaaninag natin mula sa diskurso ng espasyo ang ukol sa ating lungsod, maging ang diskurso ng lungsod mula sa usaping sekswalidad at kasarian.

### Operasyonal na Depinisyon at Katangian ng Mala-Baklang Espasyo

Gagamitin ko ang sumusunod na kahulugan, kapag tutukuyin ko ang "*mala-baklang espasyo,*" bilang isang kategoryang arkitektural : ang ***mala-baklang espasyo*** ay isang kategoryang pang-espasyo na partikular na tumutukoy sa mga espasyong itinuturing na *multi-functional* o dinamiko ang gamit at programang nagaganap. Naaangkop din sa depinisyon na ito ang katangiang baligho o balintuna (*paradoxical*) sa mga programang *multi-functional*, sapagkat kadalasang komplementaryo lamang ang gamit (function) na pinapayagan sa isang espasyong *multi-functional*. Samakatuwid, maihahanay sa konsepto ng *mala-baklang espasyo* ang mga espasyong madalas na isinasantabi at itinuturing na hindi lehitimo, dahil sa kontradiksyon at kabalintunaan sa gayong espasyo, mga espasyo ng "araw-araw" (everyday) at "kabila/kaiba" (other).

Kung ating sisipatin ang kahulugang naunang ibinigay, ganito ang mga katangian ng *mala-baklang espasyo:*

***Una***, *ang mala-baklang espasyo ay tumutukoy sa espasyong multi-functional.* Kadalasang ipinapakita na mayroong mga espasyong partikular ang gamit at kahulugan. Taliwas dito ang kaisipan ng *multi-functionality*, sapagkat nakikita ang espasyo bilang dinamiko at nagbabago ayon sa pangangailangan. Madalas na ring gamitin na halimbawa ang katutubong tahanan ng mga Filipino bilang *multi-functional* dahil na rin sa iisang silid lang ito. Tulugan ito kapag gabi, hapag-kainan kinaumagahan, lugal-gawaan kapag lumaon, lugal-tagpuan at pulungan kung minsan at iba pa. Hindi espesipiko ang kaganapan (event) sa espasyong iyon (tingnan ang dokumentasyong isinagawa nina Dacanay, Encarnacion-Tan, Perez III).[35] Masasabi na walang partikular na pagkakakilanlan ang gayong espasyo. Ang identidad ng espasyo ay isa ring dinamikong kaganapan.

***Ikalawa***, *ang mala-baklang espasyo ay tumutukoy rin sa mga gawain at programang baligho at balintuna (paradoxical).* Nangangahulugan ang

katangiang *paradoxical* bilang "kadalasan taliwas sa mga bagay na nakasanayan na subalit maituturing ding tama at lehitimo." Kung gayon, sa espasyong bakla, ang mga nagaganap na gawain at aktibidades ay hindi kinakailangang maging komplementaryo o magkasundo sa lahat ng pagkakataon. Binibigyan ng puwang at lugar ang mga gamit na minsan ay taliwas at magkaiba, subalit ay maituturing pa ring lehitimo dahil na rin sa nagaganap, epektibo at laganap ito. Hinihiling ang pag-unawa sa mga ugnayang balintuna sapagkat kadalasan ay isinasaisantabi ito. Malapit ito sa ideya ni Bernard Tschumi na *transprogramming*, kung saan ang mga programang pinagtatagpo ay hindi kinakailangang magkasundo o makatugma.[36]

Ang konsepto ng baligho o balintuna ay magagamit din natin sa kaisipan ng *crossprogramming*. Ayon kay Tschumi, ang arkitekturang gumagamit ng *crossprogramming* ay katulad ng kaganapan ng isang *cross-dresser*. Dito, ang programa ng espasyo ay hindi kinakailangang magkatugma pa rin sa tipolohiya at artikulasyon ng espasyo. Pinaliwanag niya ang operasyong *crossprogramming*:

> *The complete interchangeability of form and function, the loss of traditional, canonic cause-and-effect relationships as sanctified by modernism. Function does not follow form, form does not follow function – or fiction for that matter – however, they certainly interact.* [37]

Tahasang tumataliwas ang konseptong ito sa espasyong "modernist," isa itong kritiko sa palasak na kasabihang "form follows function." Banggit ni Tschumi:

> *If architecture is both concept and experience, space and use, structure and superficial image – nonhierarchially – then architecture should cease to separate these categories and merge them into unprecendented combinations of programs and spaces.* [38]

***Ikatlo**, ang baklang espasyo ay maituturing na mga espasyo ng "pang-araw-araw" (everyday) at "kabila/kaiba" (other).*

Sa sanaysay ni Mary McLeod, "*Everyday and 'Other' Spaces,*" kaniyang ipinakita ang kahalagahan ng kaisipan ng mga pangyayari sa "araw-araw" o everyday, kung saan ang mga madalas na natin na nararanasan na pangyayari sa araw-araw ay kinakailangang magamit at mabawi mula sa kawalan. Sa katunayan, naging tema ang gayong pagpapaigting ng karanasan sa araw-araw ng mga itinuturing na mga arkitekto ng *deconstruction*. Madalas gamitin ang konsepto ng "pagpapalaya ng araw-araw":

> *This involved studying the whole range of diverse sensations that one encounters by chance in every-day life' and then proposing acts, situations, and environments that transformed the world in this same terms.* [39]

Ganito rin ang pag-unawa sa baklang espasyo. Inihahanay sa kategoryang baklang espasyo ang mga espasyong kadalasang nakakalimutan o kinakalimutan dahil sa araw-araw na itong nakikita o nararanasan. Nagkakaroon ng *marginalization* ng espasyo. Nalalagak tuloy ang gayong espasyo sa "labas" ng itinuturing na mga "normal" at "mahalagang" espasyo o arkitektura.

Kaugnay din ang gayong aspeto ng *mala-baklang espasyo* sa ideya ni Michel Foucault ng *heterotopia*. Sa kaniyang pagpapaliwanag, nakikita niya ang *heterotopia* bilang mga espasyong *other*. Taliwas sa konsepto ng *utopia* (espasyong hindi totoo at nasa imahinasyon lamang), ang *heterotopia* ay naiuugnay sa mga operasyong pang-araw-araw. Binanggit niya ang anim na katangian ng *heterotopia*, na atin din namang maaaring magamit sa pag-unawa ng *mala-baklang espasyo*[40]: **una**, bagaman nag-iiba ang anyo nito, ang mga *heterotopia* ay makikita natin sa lahat ng kultura; **ikalawa**, sa kasaysayan din ng kulturang iyon madalas na binabago o nababago ang gamit at katungkulan; **ikatlo**, bahagi ng kapangyarihan ng *heterotopia* ang pagsasanib at pagtatagpo ng mga espasyo at gamit, bagaman magkataliwas at hindi magkabagay ang mga ito; **ikaapat**, nakaugnay sa *heterotopia* ang penomenon ng panahon (time);**ikalima**, ang pagpasok sa gayong mga espasyo ay hindi basta-basta; kailangang magsagawa ng ilang pamamaraan ng pagpapahayag at pagpapakilala (gestures) upang makapasok; **ikaanim**, ang *heterotopia* ay may katungkulang magkasalungat – ang ipamalas ang espasyong "ilusyon," at sa isang bahagi naman, ang espasyong "tunay at totoo." [41] Ani ni Foucault:

> *Think of the ship : it is a floating part of space, a placeless space, that lives by itself, closed in on itself and at the same time poised in the infinite ocean, and yet, from port to port, tack by tack, from brothel to brothel, it goes as far as the colonies, looking for the most precious things hidden in their gardens. Then you will understand why it has been not only the main means of economic growth ... but at the same time the greatest reserve of imagination for our civilization from the sixteenth century down to the present day. The ship is the*

| DISKURSO NG "BAKLA" | DISKURSO NG "ESPASYO" |
|---|---|
| ang "bakla" bilang "alanganin" | konsepto ng multi-functional ; walang espesipiko at partikular na programa/gamit |
| ang "bakla" bilang pinagsanib na babae at lalake; katauhang sekswal bilang taliwas sa biolohikal na pagkatao | konsepto ng paradoxical, baligho at balintuna |
| ang "bakla" bilang cross-dressing | konsepto ng cross-programming sa arkitektura – espasyo bilang magkataliwas na gamit at programa |
| ang "bakla" bilang isinasantabi, nilalagay sa "labas;" othering at marginalization | konsepto ng espasyo ng everyday/ pangaraw-araw at ng other |
| ang "bakla" bilang pagpapamalas ng pagsalungat at pagtutol sa hegemoniya ng heterosekswal | konsepto ng espasyo bilang pagpapamalas din ng pagsalungat at pagtutol sa hegemoniya ng espasyong estatiko/espesipiko |

**PIGURA 1**

*heterotopia par excellence."* [42]

Maaari nating unawain ang dinamikong ugnayan ng *mala-baklang espasyo* at ang kahulugan ng *bakla* sa pamamagitan ng sumusunod na teoretikal na eskima. Dito, ang ugnayan ng diskurso ng kabaklaan ay ginagamit na talinhaga sa paglikha ng kategoryang pang-espasyo. Tingnan ang Pigura 1.

Samakatuwid, nakikita ang konsepto ng "*mala-baklang espasyo*" bilang paghiram at pag-angkop ng mga kahulugan at mga konseptong nakalakip sa salitang "bakla." Ang pag-unawa sa espasyo ay isang operasyon ng pagkakakilanlan, kung saan ang dinamismo ng identidad ng bakla ay ginagamit bilang simulain.

### "*Estetika ng Araw-araw*" at ang *Mala-Baklang Espasyo*

Bilang pag-unawa, maaari nating tingnan ang nagaganap na estetika ng *mala-baklang espasyo* at ang dinamismo nitong karanasan sa lipunan. Sa pagbanggit ko ng estetika, hindi ko ginagamit ang "klasikal" na depinisyon ng estetika bilang "pagtamo ng kagandahan," bagkus ay nakatuon sa kakayahang dumama at tumugon sa gayong mga estimulong pandama. Bukod sa usaping estetikal bilang partikular at espesipiko sa kontekstong kultural at historical, [43] nakikita ni Poshyananda ang estetika bilang "*sense of sensuous cognition, the act or process of knowing or perceiving*" [44] at bilang isang anyo ng pagdama o pananaw na walang kinalaman sa *raison d'etre* ng isang partikular na bagay[45]. Isa itong kakayahang pandama at pangkaranasan: "*manner in which we make sense of the world, as we see touch, hear, taste, feel and intuit it*" [46].

Bagaman hindi rin tiyak ang kahulugan ng estetika, kailangan nating unawain ang konsepto ng estetika bilang pagbubuo ng pananaw ng tao. Kakabit dito ang mga pinanukala ni Robert Desjerlais sa "*Aesthetics of Experience*" (1992). Ayon kay Desjerlais, sa kaniyang pagtalakay tungkol sa sakit sa mga Yolmo wa (isang katutubong grupo sa Nepal Himalayas), nakikita niya ang ugnayang namamayani sa pagitan ng disposisyong estetikal at ang pagbubuo ng mga katutubong paniniwala at pananaw (marahil tawagin na ring "*worldview*"). Ang kanilang disposisyong estetikal ay naka-ugat sa kanilang mga konsepto ng sarili at ng mundo. Kung gayon, nagkakaroon ng diyalektikong ugnayan ang estetikang disposisyon at ang mga pagpapahalaga, karanasan at paniniwala. Sambit niya:

> *"I use the term 'aesthetics' in a slightly irregular fashion, not to define any overt artistry or performative genres - art, music, poetry - but rather to grasp (and tie together) the tacit leitmotivs that shape cultural constructions of bodily and social interactions. I see such aesthetic forms - which include for the Yolmo wa, values of harmony, purity and wholeness - as embodied through the visceral experiences of cultural actors rather than articulated through concrete artistic or philosophic tenets. With the term 'aesthetics of experience', then I refer to the tacit cultural forms, values and sensibilities - local ways of being and doing, that lend to specific styles and configurations and felt qualities to local experiences"* [47]

Samakatuwid, ang estetika ay hindi natin tunay na maihihiwalay mula sa karanasan natin sa pang-araw-araw. Ang gayong mga tinuturing na *habitus* ng pang-araw-araw na karanasan[48] ang siyang bumubuo ng estetika. Wika pa rin ni Desjerlais, batay sa kaisipan ng pragmatist na si John Dewey:

> *"As human intentions are based on a series of 'doings and undoings', tensions and resolutions, so processes of aesthetic balance, harmony and completion are, by nature, grounded in the rhythms of ordinary experiences. The creation and perception of art forms are simply more perfected fulfillments of, and commentaries on, these experiences."*[49]

Mahalagang maunawaan ang *mala-baklang espasyo* bilang bahagi ng gayong estetika ng araw-araw na karanasan. Kung kaya't sa pag-unawa kung paaano nagaganap at nabubuhay ang gayong espasyo, maaaninag din natin ang dinamismong nagaganap sa pagitan ng lipunan at espasyo. Kung mamanmanan natin, ang mga espasyong naisantabi ay, sa katunayan, kinapapalooban ng mga kaganapan ng pagtutol at pagsalungat *("resistances of everyday")*. Ang *mala-baklang espasyo*, samakatuwid, ay manipestasyon ng gayong ugnayan ng tao at lipunan.

## 3.0 "MALA-BAKLANG ESPASYO" SA KONTEKSTO NG ARKITEKTURANG FILIPINO

Upang makita natin ang ganitong penomenon ng *mala-baklang espasyo* sa arkitekturang Filipino, sinadya ang pagpili ng dalawang halimbawa mula sa kontemporaryong sitwasyong urban. Ang dalawang espasyong ito ay kasalukuyang nagaganap at maituturing na bahagi na nga ng arkitekturang Filipino, sapagkat ang mga espasyong ito ay nagpapamalas ng sitwasyon, tugon, sensibilidad at reaksyon na pang-araw-araw. Ang diskurso ng araw-araw, samakatuwid, ay integral sa arkitektura at hindi maihihiwalay sa pangkalahatang diskurso ng espasyo at arkitektura. Tatalakayin sa sumusunod ang konteksto, morpolohiya at estetika ng *overpass/tawiran* at ng *basketball court/plasa*.

### Ang Penomenon ng Overpass/Tawiran

Ang overpass ay isa sa mga lugar na katatagpuan ng karanasan ng araw-araw, lalo na sa mga bumibiyahe at namamasahe. Ito ay pangkaraniwang itinatayo sa mga lugar na maraming tumatawid mula sa isang bahagi ng kalye patungo sa kabila sa paraang hindi nakakasagabal as trapiko. Ang pangunahing tungkulin ng overpass ay maging tawiran ng mga tao, gamit at produkto. Isa itong nakaangat na *path* o daanan.[50] Para kay Kevin Lynch, ang mga *path* ay isa sa dominanteng elemento ng siyudad, dahil na rin sa ito ang daluyan ng tao. Ang siyudad, wika niya, ay namamasid at nararanasan mula sa perspektibo ng mga daanan kapag ang tao ay umuusad at gumagalaw sa kanlungan ng daanan. Bahagi rin ng pagsasaayos ng siyudad ay ang pagsang-ayon (o ang pagtaliwas) sa mga daanan, kung kaya't isa itong batayan ng mga elementong pangsiyudad at pangkalikasan.[51] Mahalaga ang mga daanan hindi lamang bilang daluyan, kundi pati na rin bilang pamamaraan ng pagtakda ng sarili sa lugar at sa *way-finding* (paghanap ng sarili sa

heograpiya). Ang mga overpass ay isang bahagi ng napakalawak na sistema ng daanan ng isang siyudad. Partikular ang konteksto ng overpass, sapagkat tao lamang ang dumadaan sa gayong sistema ng daanan, at walang sasakyan. Sa katunayan, ang overpass ay nilikha upang maiwasan ang pagtutunggali ng daluyang pedestriyan at daluyang behikular. Espesipiko ito sa kontekstong urban sapagkat ang mga ito ay mga pamamaraan ng pag-angkop sa kontemporaryong sitwasyon ng trapiko ng lungsod.

Ang overpass ay may iba't ibang lawak at sukat, depende ayon sa dami ng taong tinatayang dadaan. Nagbabago ang lawak nito mula sa makitid na tatlong metro hanggang sa limang metro pabalagbag. Ang haba ay nagbabago rin ayon sa lawak ng daang binabagtas. Sa lahat ng pagkakataon, mahalagang pansinin na ang overpass ay tuwid na daanan, at bihira ang mga overpass na kumukurba o patabingi. Ayon na rin sa mga usaping ekonomikal, ang overpass ay kadalasang perpendikular sa lansangan upang tatawirin niya ang pinakamaikling distansya sa mga kalye. Maging ang sistema ng konstruksyon ay isang konsiderasyong ekonomikal din: gawa ito sa konkreto at bakal ayon sa sistemang *pre-fabrication* upang mas mapabilis ang pagtatayo ng mga ito. Bukod tangi din ang hagdanan sa magkabilang bahagi ng overpass, at ang kaniyang matarik na taas. Nagaganap din ito ayon pa rin sa ekonomiya ng espasyo -- upang mas maliit ang espasyong gagamitin ng mga hagdanan, gagawing matarik ang mga ito. Kadalasang may mga bakod ang mga overpass upang maiwasan ang pagtalon ng mga tao mula dito. Bahagi ng morpolohiya ng overpass samakatuwid ang seguridad, ekonomiya at praktikalidad. Kadalasan nga ay ang mga ito ang natatakdang dominanteng konsiderasyon sa pagdisenyo ng overpass.

Sa pagtawid natin sa overpass (bagaman hindi sa lahat ng pagkakataon), maraming bagay tayong mapapansin. Para sa mata, ang pagsabog ng iba't-ibang kulay at hugis ay isang masayang karanasan. Dulot ito ng napakaraming nagbebenta sa overpass: may pagkain, bag, payong, suklay, cosmetics, dyaryo at marami pang iba. Iba-iba rin ang mga taong dumadaan dito: may naka-pantalaon, shorts, palda, T-shirt, blusa, jaket, naka-hubo at iba pang baryasyon sa kasuotan. Meron ding samu't saring tunog at ingay, mula sa pagsigaw ng nagbebenta ng saging at mansanas, tungo sa umaawit na namamalimos na bulag, hanggang sa mga naghihiyawan na mga batang ginagawang palaruan ang overpass. Sari-sari rin ang amoy na ating malalanghap: matamis na prutas, mausok na sasakyan, masangsang na isda, maanghit na katabi, mahalimuyak na sampagita. Mahalaga rin punahin na ang mga karanasang sensorial na ito ay sabay-sabay na nagaganap, isang paghahalo at pinagsanib na karanasan.

Mapupuna rin natin ang linyar na paggalaw sa espasyo, mula sa isang dulo tungo sa kabilang dulo. Dahil dito, ang karanasang nagaganap ay kinakailangang may kaanyuang sekwensyal at may pagkakasunod-sunod, subalit sa loob ng bawat antas ay isa itong paghahalo-halo at pagsasabay-sabay pa rin. Linyar at sabayan ang kaganapan ng pagtanggap ng estimulo. Maging ang pagsasaayos ng paninda ay umaayon sa kaayusang linyar. Sinusunod ang kaisipan ng *maximum exposure* sa pagtinda, kung kayat inilalagay ang mga paninda sa gilid ng direksyon ng pagdaloy ng

tao, kahalintulad sa mall na nakalinya ang mga tindahan sa gilid ng "mall" (ang tunay na kahulugan ay ang tila eskinita o kalye na dinadaanan at nilalakaran ng tao) at dito, umaasa na gagana ang tinatawag na *impulse buying*, isang paghalina sa mga nagdaraan na bumili ayon sa kanilang nadadama sa panahon na yon.

Para kay Neferti Tadiar, ang pagnanasa sa mabilis at tuloy-tuloy na pagdaloy ng trapiko ay isang manipestasyon ng katulad ring pagdaloy ng ekonomiya: malaya at walang sagabal. [52] Naniniwala siya na ang paglalagay ng mga sistema upang mapabilis ang pagtakbo ng trapiko (tulad ng mga flyover) ay isang pagpapamalas ng pagnanasa ng bansa na umusad sa larangan ng ekonomiya. Patuloy pa rin niyang pinaliwanag na ang kadalasang kawalan ng kaayusan at pagsisikip ay nagmumula sa magkatunggaling hangarin (at ang nagaganap na artikulasyon nito sa espasyo): ang pambansang pamahalaan na kumikiling sa *privatization* at *deregulation*; at ang pamahalaang metropolitan na kumikiling sa sentralisadong sistema.[53] Wika niya:

> *Congestion and chaos are two complex results of contradictory articulations of space, for example, which the state attempts to override by building flyovers. It is in this sense that traffic is constituted by various social movements; it is in a very literal sense in which collective action can be understood – in terms of pedestrians, cars, passengers, jeepneys, street hawkers, and vendors, etc. The particular movements of the "urban excess" are articulatory practices which participate in the production of urban space. It is not therefore the lack of attributes of power such as planning, will, discipline, strict law enforcement, political firmness and inner strength on the part of the state of its "citizenry" or adherents, that has brought about the chaos and decay which has become the monument of the city. Rather, it is the crisis of conflicting desires and social practices, caused by intensification and the constitutive contradictions of capital.*[54]

Kung gayon, ang overpass, at ang pagnanasang "linisin" ito ng mga nagbebenta at nagmamalimos, ay isa lamang estratehiyang pansamantala. Bagaman hinahangad na gawing eksklusibo ang overpass bilang tawiran lamang, magaganap at mangyayari ang pagsasanib dahil sa sosyo-politikal na kondisyon ng overpass: ang manipestasyon ng kontradiksyon ng mga hangarin at kaganapan. Samakatuwid, ang pagpapamalas ng sosyo-politikal na dinamismo ng overpass ay integral din sa estetika nito. Mauunawaan din natin ang kaganapang estetikal bilang pamamaraan ng pakikipagsapalaran ng mga tao sa pang-araw-araw, kung paano sila umaangkop sa kanilang sitwasyon at umaangkop sa tawag ng pangangailangan.

*Bakit natin ito maituturing na malabaklang espasyo?* Sa pagpapaliwanag na rin sa naunang bahagi ng papel na ito, mahalaga ang usapin ng *multi-functional* sa diskurso ng espasyo. Sa pagkakataong ito, ang *multi-functionality* ay makikita natin sa pagsasama-sama ng mga pangyayari (*events*). Bagaman una siyang nakaplano bilang isang daanan lamang ng pedestriyan, ang mga nangyayaring pag-angkop ay isang malinaw na pagpapamalas ng *multi-functionality*: ang

pagkakaroon ng nagbebenta, namamalimos, naglalaro, at dumadaan, na nagaganap ng magkakasabay. Malinaw din nating makikita na ang kaganapan at gamit ng overpass ay hindi kinakailangang maging komplimentaryo. Pinagsama ang namamalimos at nagbebenta. Pinagsama rin ang naglalaro at naglalakad. Pinagsanib din ang kaganapang komersyal sa gamit na daluyan ng tao lamang. Samakatuwid, makikita natin ang tila magkataliwas na kaganapan ng programa. Kinapapalooban din ng overpass ang magkataliwas na kaganapan bilang tugon at reaksyon sa pang-araw-araw. Ang mga reaksiyong ito ay naipapamalas sa mga pisikal na artikulasyon sa espasyo .[55] Maaaninag natin ang pakikipagtalastasan ng pamumuhay ng tao, at ang kaniyang pakikipagtunggali sa buhay. Mahalagang bigyan diin na ang nangyayari sa overpass ay isang pag-aangkop, dahil na rin na hindi naman talaga ito ang orihinal na intensyon ng tawiran. Binibigyang-buhay, samakatuwid, ng overpass ang *mala-baklang espasyo* kung saan ang programa ay sabay-sabay na nangyayari, bagaman magkatunggali ang mga ito. Sa susunod na halimbawa, pagtutuunan naman ng pansin ang isang uri ng *mala-baklang espasyo* na nagbabagong anyo sa pagdaan ng panahon.

### Ang Penomenon ng Basketball Court/Plasa

Sa tradisyonal na kaanyuan ng mga poblacion, ayon sa kautusan ng tinatawag na "Batas ng Indies", ang *plasa* ang itinatakda bilang simulang punto sa pagdidisenyo ng isang poblacion. Sa plasa nagsisimula ang pangunahing kalye ng bayan, na kadalasa'y nakaturo sa pangunahing direksyon ng aguhon.[56]

Mahalaga ang papel ng plasa bilang tagpuan ng mga mamamayan. Tampok na elemento ito sa isang poblacion, kung kaya't sa paglipas ng panahon, ang plasa ay umaangkop din sa pagbabago ng pamumuhay. Nang dumating ang mga Amerikano, unti-unting napasanib ang basketball sa buhay ng Pilipino, kung kaya't ngayon ang basketball court ay isa rin sa mahalagang elemento sa pagpaplano ng mga bagong subdivision at komunidad (pansinin ang BP220 at PD957, mga batas ukol sa pagsasagawa ng disenyo ng mga subdivision). Nagkakaroon ng dinamikong ugnayan sa pagitan ng plasa at basketball court. Sa paglipas ng panahon, ang dalawang ito ay pangkaraniwang pinag-iisa. At kung hindi kakayanin sa badyet ang magkahiwalay na plasa at basketball court, ang basketball court ay nagsisilbing plasa na rin. Sa anumang pagkakataon, nanatili ang papel ng basketball court o plasa bilang tagpuan ng mga tao at pangyayari ng isang pamayanan, at samakatuwid ay isang mahalagang espasyong sosyo-kultural.

Payak ang hugis ng basketball court, anyong parihaba, at kadalasang may sukat na labinlimang metro na lapad at dalawampu't limang metro ang haba (15m X 25m), may tig-isang *goal* sa magkabilang dulo. Kung ito ma'y naiiba, ang napapadagdag ay ang pagkakaroon ng entablado sa isang dulo nito o kaya mayroon pang mga upuan o bangko sa gilid. Kung minsan ay meron ding bubungan depende as badyet. Kung ito'y donasyon, ng isang kongresista halimbawa, mapapansin din ang pangalan ng kongresistang nagbigay nito. O kung kompanya naman, nakabalandra din ang mga pangalan ng kanilang mga produkto.

Bagaman payak lamang ang kaanyuan ng basketball court o plasa dahil sa kaniyang pagkakuwadrado, hindi natin bastang maipagkikibit-balikat ang dinamismong pangyayari dito. Kaiba sa overpass kung saan ang mga pangyayari ay sabay-sabay nagaganap, sa basketball court, mahalagang unawain ang dinamismo ng espasyo ayon sa elemento ng panahon. Ang mga kaganapan ay hindi kinakailangang mangyari ng sabay-sabay, bagkus ay nagaganap sa isang siklikal na kaanyuan. Siklikal sapagkat mauunawaan natin ang prusisyon ng mga pangyayari, halimbawa sa isang taon, ayon sa itinatakda ng panahon. Mayroong panahon sa pagtatrabaho, panahon sa pagsasaya, panahon sa pag-aalay, panahon sa pagtitinda at iba pa. Sumusunod ang agos ng buhay ayon sa mga ritwal ng kaganapan. Ang basketball court ay bahagi ng gayong siklikal na pangyayari. Kung pagmamasdan natin ng mabuti, ang mga pangyayari sa basketball court ang tunay na nagdidikta sa tunay na programa ng espasyo. Dito maaaninag natin ang agos ng panahon sa pamamagitan ng kaganapan: kapag linggo, maaari itong nagsisilbing kapilya o bisita (kapag malayo ang pamayanan sa simbahan), o dili kaya'y tianggehan. Kapag ordinaryong araw, maaari itong maging palaruan mismo, hindi lamang sa basketball, kundi minsan pati volleyball, piko, patintero, habulan at iba pa. Kapag Sabado, maaari itong maging health center -- kung walang tunay na health center. Sa iba pa ring pagkakataon, lugal ito na pinagpupulungan ng komunidad. Kapag Mayo, nagsisilbing lugar ito ng amateur singing contest at iba pang patimpalak (tulad ng Miss Talipapa-Sta. Monica 99!), tagpuan bago mag Santacruzan, at iba pang kaanyuan ng pista. Sa panahon ng Semana Santa, ginagamit ang basketball court para sa pabasa; sa panahon ng pag-ani, nagbabagong-anyo ito bilang patuyuan ng palay at iba pang ani. Sa panahon ng Kapaskuhan, samu't saring programa ang nagaganap – christmas party, sayawan, panunuluyan at iba pa. Samakatuwid, ang basketball court ang rurok ng *multi-functionality*!

Ang estetika ng karanasan ng basketball court, ayon na rin sa kaniyang pagka *multi-functional* ay ayon pa rin sa panahong siklikal. Taliwas sa overpass o tawiran kung saan maaaring sabay-sabay din ang karanasang pandama o sensoryal ng nagdadaan dito, ang estetika ng basketball court ay ayon sa isang prosesong paulit-ulit. Nagkakaroon ng ganap na pagbabagong anyo o pagbibihis ng espasyo tungo sa mga susunod na pangangailangan. Kung kaya ang basketball court, upang lubos din namang maranasan ito ay kinakailangang damhin ang mga pangyayari sa loob ng isang taon. Ang karanasan ng espasyo ay naka-ugat sa pagbabago sa panahon. Bahagi rin ng gayong espasyo ang karanasan ng araw-araw. Malinaw rin na ang basketball court ay integral sa gawaing pang-araw-araw, kung kayat hindi natin maihihiwalay ang espasyo ng basketball court mula sa diskurso nito. Ang pakikipagtalastasan at pakikipag-ugnayan ng pamayanan ay nagkakaroon ng manipestasyon at artikulasyon sa pisikal na kapaligiran at espasyo ng mga tao.

Sa umpisa pa lang, malinaw na agad na ang penomenon ng basketball court ay isang pagpapamalas ng mga katangian ng *mala-baklang espasyo*. Una, ito ay *multi-functional*, na naipakita na sa unang bahagi. Ikalawa, ang pagkakaroon ng kabalintunaan sa dinamismo ng gamit at pangyayari

(saan ka naman nakakita na kapilya ito sa una, magiging tianggehan, matapos ay magiging lugal paligsahan ng beauty contest tapos palaruan pa siya talaga ng basketball!). Ikatlo, ang pag-angkop ng mga tao sa araw-araw na isang manipestasyon ng pakikipagtunggali ng pamayanan sa pangangailangan ng panahon. Sinasabi ko na mahalagang halimbawa ang basketball court bilang *mala-baklang espasyo* sapagkat kaniyang kinapapalooban ang mga katangian ng *mala-baklang espasyo*. Mahalagang ehemplo ito sapagkat mauunawaan natin ang ugnayan ng mga pangyayari na balintuna o baligho (*paradoxical*) sa espasyo. Ang pagka-*multi-functional* ng mga gamit at programa sa espasyong ito ay hindi kinakailangang maging komplementaryo. Katanggap-tanggap pa rin ang balintunang programa dahil tumpak ang pagbabagong-anyo ng "plasa" na ito sa pangangailangan ng komunidad. Hindi na tayo nananatili sa pagka-eksklusibo ng espasyo. Kung gagamitin pa rin natin ang gayong pagka-ekslusibo ng espasyo, lalabas na kakailanganin natin ang mahigit-kumulang na labinlimang uri ng espasyo para ilagay ang nabanggit na mga kaganapan! Iwaglit na natin ang kaisipan na ang espasyo ay isang estatikong entidad, bagkus, unawain na natin ito bilang dinamikong kaganapan.

## 4.0 IMPLIKASYON AT KAHALAGAHAN NG "*MALA-BAKLANG ESPASYO*"

Ano ngayon ang silbi ng konsepto at kategorya ng *mala-baklang espasyo*? Marami ang nagiging implikasyon ng pag-unawa ng *mala-baklang espasyo*. Ilan sa mga ito:

***Una***, sa pagkapragmatiko at praktikal na usapin. Ang pagtingin sa espasyo bilang isang entidad na hindi estatiko at partikular sa gamit at programa ay nagbibigay sa lumilikha o gumagamit ng espasyo ng ganap na kalayaan at kakayahan na magbago/baguhin ang espasyo. Sa kontemporaryong sitwasyon, dahil na rin sa usapin ng ekonomiya, ang espasyo ay lubos na mapakikinabangan; hindi masasayang ito.

***Ikalawa***, ang espasyo ay tinitingnan bilang isang *dinamikong pangyayari*. Maaari na tayong lumihis sa ideya na ang espasyo ay isang *patay na obheto.* Buhay ang espasyo. Dinamiko ito, nagbabago, hindi estatiko.

***Ikatlo***, ang *mala-baklang espasyo* ay pagdiriwang ng *paradox.* Nakapaloob sa konsepto ng baklang espasyo ang ideya na ang espasyo ay hindi rin kinakailangang ituring na itim o puti lamang (black/white dichotomy). Kung espasyo ay hindi itim, kinakailangan ba itong maging puti palagi? Kung hindi puti, samakatuwid, itim ba ito? Aalisin natin ang maling dikotomiya na puti-itim, sapagkat mayroon ding iba't ibang timplada ng kulay sa pagitan ng itim at puti. Iwawaksi na natin ang kaisipan na *silid o kuwarto* lamang ang tanging solusyon sa mga disenyong arkitektural, bagkus, maaari din nating isipin at gamitin ang mga espasyong *multi-functional*. Sa pagbago ng espasyo, bilang manlilikha o gumagamit ng espasyo, tanggap na na rin ang pananaw na maaari talaga nating baguhin ang espasyo. Hindi na tayo kailangang manatili sa pagkabulag ng takot, na ang espasyo ay natural na sumasailalim ng pagbabagong-anyo at transpormasyon. Hindi natin ito maikakatwa.

***Ikaapat***, sa pedagohiya at edukasyong arkitektural, ang pagbabago ng batayang kaisipan, maging ang mga konsepto sa arkitektura, ay isang paglilinang ng mga kaisipan. Mahalagang unawain na ang pedagogikal na aspeto ng arkitektura ay kailangang sumailalim sa paghamon upang lubos itong makatutugon sa pangangailangan ng tao at panahon. Sa paghamon ng mga tinuturing na *master discourses* ng arkitektura, ang pagtanaw sa arkitektura bilang isang estatikong obheto ay nahahalinhinan ng konsepto ng arkitektura bilang isang dinamikong penomenon. Ang mga mag-aaral (mga arkitekto ng susunod na henerasyon), samakatuwid, ay nabibigyan ng sapat na kakayahang maging kritikal sa kanilang pagdidisenyo. Ninanais na ang mga susunod na henerasyon ng mga arkitekto at taga-plano ay yaong sensitibo sa kaniyang sariling kultura, pangagailangan, gunita, sensibilidad at pagpapahalaga ng taong gumagamit ng arkitektura. Bukod-tangi din ang kontribusyon ng *mala-baklang espasyo* sa diskurso ng teorya ng arkitektura sa Pilipinas, kung kayat inaasam na magsisilbi itong simulain para sa mga susunod pa ring pag-aaral at paglilinang ng mga kaisipan sa arkitektura.

***Ikalima***, sa pagdisenyo at pagplano ng arkitektura, tinatanggap na ang mga espasyong *multi-functional* na baligo at balintuna, mga espasyong "malabo/ambiguous" at "magkaibang-uri/hybrid". Gising sa nagdidisenyo na lehitimo ang ganitong kategorya sa arkitektura, kung kayat maliwanag rin ang pagsama nito sa aktuwal na mga disenyo sa arkitektura. Kaakibat ng mga espasyong ekslusibo (hindi rin naman natin maaaring alisin ang gayong uri ng espasyo) ang mga *mala-baklang espasyo*. Lubos na napapalawak ang mga pagpipilian ng nagdidisenyo, at lubos na magiging mapapakinabangan ang mga espasyo. Lumilikha tayo ngayon ng ibayong kategorya upang mas matugunan natin ang pragmatiko at praktikal na konsiderasyon ng pagdisenyo ng espasyo. Pinapatingkad din ng konsepto ng *mala-baklang espasyo* ang pagiging sensitibo sa estetika ng karanasan ng espasyo, maging ang mga karanaşang pang-araw-araw, sapagkat bahagi ang ganitong mga penomenon sa pagbubuo ng pagkatao.

***Ikaanim***, ang *mala-baklang espasyo* ay isang pagtatangkang pagyamanin ang usapin ng kasarian. Gising ang paggamit ng konsepto at diskurso ng "bakla" sa ibang diskurso upang magamit ang terminong iyon sa mga pamamaraang *mapagpalaya*. Sa dahilang maituturing na ang mga konsepto ng *gender* ay isang *construct* o pagbubuo ng lipunan, ang pagkakakilanlan ay isa ring pagbubuo na kailangang hamunin din. Tinatangkang makakalas ang bakla mula sa hegemoniya ng heterosekswal, at lubos na maidakila ang pagkatao ng bakla. Inaamin ko din naman na may pagkukulang sa pagsagawa ng redepinisyon ng "bakla," kung kayat sinasabi ko rin ang lubos pa ring pagtutuklas na kailangang maganap.

***Ikapito***, partikular sa pag-aaral na ito ang paggamit ng pagkakakilanlan at kahulugan ng bakla sa diskurso ng arkitekturang Filipino. Isa itong pagpapalawig sa mga nauna na ring pagkakawing ng sekswalidad at kasarian sa diskurso ng espasyo. Tinatanggap, kung gayon, ng papel na ito ang lehitimong pagkakawing ng usaping kasarian at diskursong espasyo bilang pagyayamang teoretikal sa arkitektura.

## 5.0 PAGLALAGOM

Binalangkas ng papel ang pinagtagpong usapin ng kasarian at pagkakakilanlan at ng diskurso ng espasyo. Tinangkang lumikha ng isang bagong kategorya ng espasyo: ang *mala-baklang espasyo*. Partikular sa depinisyon ng *mala-baklang espasyo* ang katangiang *multi-functionality* subalit partikular din ang katangiang kabalintunaan (*paradoxical*). Ipinakita ang dalawang piling ehemplo sa kontemporaryong arkitekturang urban sa Pilipinas upang maisalarawan ang penomenon ng *mala-baklang espasyo*. Ang kabalintunaan sa gamit at programa ng overpass o tawiran ay sabay-sabay nagaganap, samantalang ang sa basketball court o plasa ay nangyayari ayon na rin sa siklikal na paggalaw ng mga pangyayari/events. Samakatuwid, ipinakita ng pag-aaral na ito na nagaganap na ang *mala-baklang espasyo* sa arkitekturang Filipino. Ipinakita rin na ang *mala-baklang espasyo* ay isang lehitimong kategorya ng espasyo. Ang pagsagawa ng bagong kategorya ng espasyo ay isang intensyonal na paglikha ng panibagong perspektibo ukol sa espasyo. Ang gayong pagsasakategorya ay isang pagpapayaman sa diskurso ng espasyo sa arkitektura. Kung gayon, malaki ang potensyal ng *mala-baklang espasyo* sa diskurso ng espasyo at kasarian. Ang pag-aaral na ito ay isa lamang simulain para sa susunod na pagtuklas. Hindi inaako ng pag-aaral na ito ang rurok ng diskurso ng espasyo at kasarian, bagkus ay hinahangad na magsilbing punla sa ibayong paglilinang ng diskurso.

Malaki rin ang potensyal ng *mala-baklang espasyo* sa pagtuturo at pagpaplano ng arkitektura. Ang paglikha ng bagong kategorya ay isang malay na pagpapayaman ng mga kategoryang arkitektural na maaaring gamitin sa pagpaplano. Mahalaga din ang konseptong ito sa pagtuturo ng arkitektura sapagkat binabasag nito ang mga itinuturing na mga *master discourses* sa arkitektura. Ang mga mag-aaral ng arkitektura, kung gayon, ay nabibigyan ng mas malawak na pagpipilian ng batayang kaisipan at balangkas na maaaring magamit. Ang lahat ng ito ay ayon pa rin sa hinahangad na makabuo at makalikha ng arkitekturang magiging sensitibo sa mga pagpapahalaga, sensibilidad, pangangailangan, adhikain at pagkatao ng Filipino.

## MGA TALA

[1] Beatriz Colomina, ed., Sexuality and Space (Princeton Architectural Press, 1992), p. iv.

[2] J. Neil Garcia, Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996).

[3] Bernard Tschumi , Architecture and Disjunction (Boston: MIT Press, 1994).

[4] Martin Manalansan IV, *"Speaking of AIDS: Language and the Filipino Gay Experience in America"* in Discrepant Histories: Translocal Essays on Filipino Cultures ed. Vicente Rafael (Manila: Anvil Publishing, 1995), 196.

[5] Garcia, Philippine Gay Culture, 61,353.

[6] Ibid., 61-62.

[7] Ibid., 62,354.

[8] Ibid., 52-61; J.Neil Garcia, Closet Queeries, Anvil Publishing. 1997), 141-147.

[9] Ibid., 48.

[10] Ibid., 207.

Whitney Davis, *"Gender"* in Critical Terms for Art History ed. Robert Nelson & Richard Schiff (Chicago: The University of Chicago Press, 1992) 220-233

[12] Garcia, Philippine Gay Culture, p.204-205.

[13] Ibid., 205-209

[14] Ibid., 63, 99-107, 213

[15] Ibid., p.206

[16] Doreen Fernandez, *"The Gay"* in Being Filipino ed. Gilda Cordero Fernando (Manila: GCF Books, 1981), 81; Davis, op.cit, 9-21, 93, 190-191; Danton Remoto, Seduction and Solitude (Manila : Anvil Publishing, 1995), 183-199.

[17] Garcia, Philippine Gay Culture p.81-82

[18] Christian Norberg-Schulz, Existence, Space and Architecture (Praeger Publishers, 1971), 9-10.

[19] Ibid, 10.

[20] Danilo Lichauco,. 1995. *"A Comparative Analysis of Western and Philippine Spatial Systems: Towards the Development of Philippine Architecture"* paper delivered at the National Symposium on Filipino Architecture and Design, Sentro ng Arkitekturang Filipino, 7-9 December 1995. pp.6-7.

[21] John Christopher Jones, Design Methods 2nd ed. (Van Nostrand Reinhold, 1992), 300-309.

[22] Lichauco, p.6.

[23] Rosario Encarnacion-Tan, *"Appreciating Perceptions of Filipino Space"* paper delivered at the National Symposium on Filipino Architecture and Design, Sentro ng Arkitekturang Filipino, 7-9 December 1995. p. 1.

[24] David Leonides Yap, *"Transformation of Space in Philippine Traditional Houses: Studies in Morphology of Space from the Prehistoric to American Period"* paper delivered at the National Symposium on Filipino Architecture and Design, Sentro ng Arkitekturang Filipino, 7-9 December 1995, p.10.

[25] Aaron Betsky, Queer Spaces: Architecture and Same-Sex Desire (William Morrow and Co., 1997), 17.

[26] Ibid, 193.

[27] Garcia, Philippine Gay Culture, 48.

[28] George Chauncey, *"Privacy Could Only Be Had in Public: Gay Uses of the Streets"* in Stud: Architectures of Masculinity ed. Joel Sanders (Princeton Architectural Press, 1996), 224.

[29] Patrick Flores, *"Theoretical Approaches to the Humanities"* in Humanities: Art And Society Handbook (CHED & CAL Foundation. 1998), 39.

[30] Colomina, p.iii.

[31] Ibid.

[32] Elizabeth Grosz, *"Bodies-Cities"* in Sexuality and Space, ed. Beatriz Colomina (Princeton Architectural Press, 1992), 243.

[33] Ibid., 244-249.

[34] Ibid., 248.

[35] Julian Dacanay, Rosario Encarnacion-Tan, Folk Architecture ed. Rodrigo Perez III (GCF Books, 1989).

[36] Tschumi, 205.

[37] Ibid., 254.

[38] Ibid.

[39] Mary Mc Leod, *"Everyday and 'Other' Spaces"* in Architecture and Feminism ed. Debra Coleman, Elizabeth Danze, & Carol Henderson (Princeton Architectural Press., 1996), 15-16.

[40] Michel Foucault, *"Of Other Spaces: Utopias and Heterotopias"* in Rethinking Architecture: A Reader in Cultural Theory ed. Neil Leach (Routledge Publishing, 1996) 353-356.

[41] Ibid., 350-356; K. Michael Hays ed.. Architecture Theory Since 1968 (MIT Press, 1998), 296.

[42] Ibid., 356.

[43] Clifford Geertz, *"Art as a Cultural System"*. in Local Knowledge (Harper Collins, 1983) 103. ; Pierre Bourdieu, *"The Historical Genesis of a Pure Aesthetic"* in The Field of Cultural Production: Essays on Art & Literature (Columbia University Press, 1993), 264.

[44] Apinan Poshyananda, *"Traditional Aesthetics in the Visual Arts"* country paper of Thailand presented during the Second ASEAN Workshop, Exhibit and Symposium on Aesthetics, Manila, 8-21 October 1993, p.2.

[45] Ibid., 3.

[46] Patrick Flores, *"Theoretical Approaches to the Humanities"* in Humanities: Art And Society Handbook (CHED & CAL Foundation, 1998), 41.

[47] Robert Desjerlais, *"An Aesthetics of Experience"* in Body & Emotion: Aesthetics of Illness and Healing in the Nepal Himalayas (University of Pennsylvania Press, 1992), 65.

[48] Pierre Bourdieu. *"Structures, Habitus and Practices"* in The Logic of Practice (Stanford University Press, 1990), 52-65.

[49] Desjerlais, 67.

[50] Kevin Lynch, Image of the City (MIT Press, 1960), 49-62.

[51] Ibid., 47-48.

[52] Neferti Xina Tadiar, *"Manila's New Metropolitan Form"* in Discrepant Histories: Translocal Essays on Filipino Cultures ed. Vicente Rafael (Anvil Publishing, 1995), 293-294.

[53] Ibid., 294-295.

[54] Ibid., 295.

[55] Grosz, 249.

[56] Robert R Reed, *"Hispanic Urbanism in the Philippines: A Study on the Impact on Church and State"* in the Journal of East Asiatic Studies as cited by Patrick Flores, Painting History: Revisions in Philippine Colonial Art (University of the Philippines: National Commission on Culture and the Arts & Office of Research Coordination, 1976) 379-383.

## TALASANGGUNIAN


Agrest, Diana. *"Architecture from Without: Body, Logic and Sex."* In Theorizing a New Agenda for Architecture: Architecture Theory 1965-1995. Ed. Kate Nesbitt. Princeton Architectural Press, 1996.

Bergen, Ann. *"Architecture Gender Philosophy."* In Strategies in Architectural Thinking. Eds. John Whiteman, Jeffrey Kipnis, Richard Burdett. MIT Press, 1992.

Betsky, Aaron. Queer Spaces: Architecture and Same-Sex Desire. William Morrow and Co., 1997.

Bhaba, Homi. *"Postmodernism/ Postcolonialism."* In Critical Terms for Art History. Eds. Robert Nelson & Richard Schiff. The University of Chicago Press, 1992.

Bourdieu, Pierre. *"The Historical Genesis of a Pure Aesthetic."* In The Field of Cultural Production: Essays on Art & Literature. Columbia University Press, 1993.

Bourdieu, Pierre. *"Structures, Habitus and Practices."* In The Logic of Practice. Stanford University Press, 1990.

Browning , Frank. A Queer Geography: Journeys Toward a Sexual Self. Crown Publishers 1996.

Bryson, Norman, Michael Ann Holly and Keith Moxey, eds. *"Introduction."* In Visual Theory. Polity Press, 1996.

Cannell, Fenella. *"The Power of Appearances: Beauty, Mimicry and Transformation in Bicol."* In Discrepant Histories: Translocal Essays on Filipino Cultures. Ed. Vicente Rafael. Anvil Publishing, 1995.

Chauncey, George. *"Privacy Could Only Be Had in Public: Gay Uses of the Streets."* In Stud: Architectures of Masculinity. Ed. Joel Sanders. Princeton Architectural Press, 1996.

Collins, Jim. *"Home, Home on the Array."* In Architectures of Excess: Cultural Life in the Information Age. Routledge Publishing, 1995.

Colomina, Beatriz, ed. Sexuality and Space. Princeton Architectural Press, 1992.

Covar, Prospero. *"Kaalamang Bayang Dalumat ng Pagkataong Filipino."* In Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture. National Commission for Culture and the Arts, 1998.

Datuin, Flaudette May. *"Critical Categories as Social Categories."* In Art Criticism Workshop: Writing in Context, Context in

Writing. National Commission on Culture and the Arts, 1998.

Davis, Whitney. *"Gender."* In Critical Terms for Art History. Eds. Robert Nelson & Richard Schiff . The University of Chicago Press, 1992.

De Leon Jr., Felipe. *"The Unity of Spatial Concepts in Philippine Architecture and Other Arts."* Paper delivered at the National Symposium on Filipino Architecture and Design. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 December 1995.

Desjerlais, Robert. *"An Aesthetics of Experience."* In Body & Emotion: Aesthetics of Illness and Healing in the Nepal Himalayas. University of Pennsylvania Press, 1992.

Encarnacion-Tan, Rosario *"Appreciating Perceptions of Filipino Space."* Paper delivered in the National Symposium on Filipino Architecture and Design. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 December 1995.

Fajardo, Brenda. *"Pag-unawa sa Espasyong Filipino."* Paper delivered in the National Symposium on Filipino Architecture and Design. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 December 1995.

Fernandez, Doreen. *"The Gay."* In Being Filipino. Ed. Gilda Cordero Fernando. GCF Books, 1981.

Fernandez, Honrado. *"Social Dynamics, Aesthetics and Urban Spaces".* Paper delivered in the National Symposium on Filipino Architecture and Design. Sentro ng Arkitekturang Filipino 14-15 October1998.

Flores, Patrick. *"Theoretical Approaches to the Humanities"* in Humanities: Art And Society Handbook. CHED & CAL Foundation, 1998.

Foucault, Michel. *"Of Other Spaces: Utopias and Heterotopias."* In Rethinking Architecture: A Reader in Cultural Theory. Ed. Neil Leach. Routledge Publishing, 1996.

Garcia, J.Neil. Closet Queeries. Anvil Publishing, 1997.

Garcia, J. Neil. Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years. University of the Philippines Press, 1996.

Geertz, Clifford. *"Art as a Cultural System."* In Local Knowledge. Harper Collins, 1983.

Grosz, Elizabeth. *"Bodies-Cities"* in Sexuality and Space. Ed. Beatriz Colomina. Princeton Architectural Press, 1992.

Hall, Edward. The Hidden Dimension. Anchor Books, 1969.

Hays, K. Michael, ed. Architecture Theory Since 1968. MIT Press, 1998.

Jolas, Maria, trans. Poetics of Space, by Bachelard Gaston. Beacon Press, 1994.

Jones, John Christopher. Design Methods (2nd Ed.). Van Nostrand Reinhold, 1992.

King, Ross. *"The Space of Signs: 1968 Modernity and Postmodernity", "Postmodern"; "The Philosophical Discourse of Modernity & Postmodernity."* In Emancipating Space: Geography, Architecture & Urban Design. The Guilford Press, 1996.

Lichauco, Danilo. *"A Comprative Analysis of Western and Philippine Spatial Systems: Towards the Development of Philippine Architecture."* Paper delivered at the National Symposium on Filipino Architecture and Design. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 December 1995.

Likosky, Stephan. Coming Out: An Anthology of International Gay and Lesbian Writings. Pantheon Books, 1992.

Lynch, Kevin. Image of the City. MIT Press, 1960.

Manalansan IV, Martin. *"Speaking of AIDS: Language and the Filipino Gay Experience in America."* In Discrepant Histories: Translocal Essays on Filipino Cultures. Ed. Vicente Rafael. Anvil Publishing, 1995.

Mc Leod, Mary. *"Everyday and 'Other' Spaces."* In Architecture and Feminism. Eds. Debra Coleman, Elizabeth Danze, Carol Henderson. Princeton Architectural Press, 1996.

Nelson, Robert. *"Appropriation."* In Critical Terms for Art History. Ed. Robert Nelson

& Richard Schiff. The University of Chicago Press, 1992.

Norberg-Schulz, Christian. Existence, Space and Architecture. Praeger Publishers, 1971.

Perez III, Rodrigo, Rosario S. Encarnacion & Julian Dacanay. Folk Architecture. GCF Books, 1989.

Poshyananda, Apinan. *"Traditional Aesthetics in the Visual Arts."* Country paper of Thailand presented during the Second ASEAN Workshop, Exhibit and Symposium on Aesthetics. Manila. 8-21 October 1993.

Reed, Robert R. *"Hispanic Urbanism in the Philippines: A Study on the Impact on Church and State."* In Journal of East Asiatic Studies , as cited by Patrick Flores. Painting History: Revisions in Philippine Colonial Art. University of the Philippines: National Commission on Culture and the Arts & Office of Research Coordination. 1976.

Remoto, Danton. Seduction and Solitude. Anvil Publishing, 1995.

Sanders, Joel. Introduction to Stud: Architectures of Masculinity. Princeton Architectural Press, 1996.

Santos, Vic & Luningning Santos. English-Pilipino Dictionary. Anvil Publishing, 1995.

Tadiar, Neferti Xina. *"Manila's New Metropolitan Form."* In Discrepant Histories: Translocal Essays on Filipino Cultures. Ed. Vicente Rafael. Anvil Publishing, 1995.

Teyssot, Georges. *"Heterotopias and the History of Spaces."* In Architecture Theory Since 1968. Ed. K.Michael Hays. Columbia Books of Architecture - MIT Press, 1998.

Tschumi, Bernard. Architecture and Disjunction. MIT Press, 1994.

Veric, Charlie Samuya. *"Bakla and Nationalism: A Prolegomenon Of Love."* In Philippine Collegian Literary Folio. 1999.

Wigley, Mark. *"The Housing of Gender"* in Sexuality and Space. Ed. Beatriz Colomina. Princeton Architectural Press, 1992.

Yap, David Leonides. *"Transformation of Space in Philippine Traditional Houses: Studies in Morphology of Space from the Prehistoric to American Period."* Paper presented in National Symposium on Filipino Architecture and Design. Sentro ng Arkitekturang Filipino. 7-9 December 1995.